

1

“Ciara, may gusto sana akong sabihin sa ’yo.”

Natigil sa pagnguya ng steak ang dalaga nang marinig ang mga salita ng nobyong si Dan. They were celebrating their first anniversary at his pad where he prepared a special dinner for them.

Oh! Is this the day when he'll ask me to marry him? biglang nanabik na naisip niya habang pinakikiramdaman ang minamahal. “What is it, Babe?” kunwari ay kaswal niyang tanong kahit ang totoo ay hindi na siya makapaghintay na malaman ang nais nitong sabihin.

“Babe, will—”

“It’s so nice to be back home!” naputol ang pagsasalita ni Dan nang biglang bumukas ang pinto at bumungad ang isang lalaking hindi kilala ni Ciara.

“Kirby? Is that really you?!” Puno ng pagkasorpresang tanong ng boyfriend niya na napatayo pa mula sa kinauupuan at nilapitan ang lalaking nasa living room.

“Kumusta na ang pinakamabait na pinsan sa

buong mundo?” balik nito sabay nagbigayan ng buddy hug.

“I’m doing great,” tugon ni Dan. “Ikaw, kumusta ka na? Dalawang taon ka ring hindi nagparamdam ah!”

“I had the best two years of my life. I was able to tour the whole of Europe, met so many great people. And Dude, hanep ang mga chicks, sobrang liberated! Dapat sumama ka sa akin, siguradong mag-e-enjoy ka!”

“I don’t think I’d want any of that anymore ’cause I’m very much happy with this beautiful lady in my life,” tugon ni Dan sabay balik sa dining area at lumapit sa nobya. “Kirby, I want you to meet my girlfriend, Ciara,” proud nitong pakilala. “And Babe, this is my cousin Kirby...”

“Oh, hi!” may pagkasorpresang nasabi ni Kirby habang inilalahad ang kamay na tinanggap naman niya. “Mahabang panahon na talaga ang lumipas, noong umalis ako, single ka pa,” pagbabalik nito ng atensyon sa pinsan. “So when did you two get together?”

“Eksaktong one year na kami ngayong araw na ’to,” kumpirma ni Dan sabay akbay kay Ciara.

“Oh, so it’s your anniversary today! That explains the fancy dinner you have there,” nasabi nito nang mapansin ang mesang pansamantalang iniwan ng couple dahil sa pagdating nito. “I’d better get out of here, nakakaistorbo pala ako sa celebration n’yo...”

“Sige we’ll catch up later,” sabi ni Dan habang inihahatid ito palabas ng pinto.

“So where does your cousin live?” tanong ng twenty-four-year old na si Ciara Santos nang makabalik na sa mesa ang boyfriend.

“Just right in front of this unit. Parents niya ang may-ari n’on,” pagbibigay-alam nito. “We’ve been neighbors for three years until he decided to go backpacking in Europe two years ago after dropping out of college noong fourth year na siya sa *La Salle*. May pagka-pasaway kasi ang pinsan kong ‘yan, eh,” napapailing nitong lahad.

Mukha nga... sa loob-loob ni Ciara na unang kita pa lamang sa scruffy-looking na si Kirby ay hindi na kaagad maganda ang vibes niya. Feeling nga niya ay bad influence pa ito kay Dan. “So ano nga pala ’yong gusto mong sabihin sa akin?” pagbabalik na niya sa naantalang pagsasalita nito kanina.

“Oh, about that... what I want to say is will

you—”

“Dude, I’m really sorry if I’m interrupting your dinner again,” biglang sulpot muli ni Kirby sa loob ng unit. “Do you have any food there? Gutom na gutom na kasi ako. Walang kuwenta ’yong pagkain sa eroplano!”

Habang binibigyan ni Dan ng pagkain ang pinsan sa kusina ay nagsisimula namang maubusan ng pasensya si Ciara. Ever since she was a little girl she had been dreaming of that day when a guy would propose marriage to her. At ngayong mangyayari na nga iyon ay sinisira ni Kirby ang kanilang moment.

“Sorry about that again, Babe,” napapakamotulong sabi ni Dan habang pabalik sa puwesto nito sa mesa matapos bigyan ng pagkain ang pinsan at inihatid itong muli sa pinto. “About what I was saying a while ago... Will you marry me?” pagdederecho na nito sa pangambang muli silang istorbohin ni Kirby at hindi na magkaroon ng pagkakataong sabihin ang nais.

“Yes, I’ll marry you, Babe,” walang pag-aalinlangang sagot ni Ciara.

Subalit habang isinusuot ni Dan ang engagement ring sa kanyang kaliwang ring finger ay pilit naman

niyang hinahanap ang pananabik at kaligayahan na ini-expect niyang maramdaman sa ganoong klase ng sandali. *Wala na! My whole engagement is ruined and it's all because of that Kirby!*

“Good morning, Pinsan,” bati ni Kirby habang naghahain ng dalawang plato sa dining table ni Dan. “Tamang-tama ang gising mo, kaluluto ko lang ng favorite nating bacon and eggs...”

“Kung saan-saang parte ka na ng Europa nanggaling pero hindi ka pa rin talaga nagbabago. Feeling mo pa rin extension ng bahay mo itong kusina ko!” napapailing na nasabi ni Dan habang papaupo sa silya sa hapag-kainan.

Magkapatid ang mga ina ng dalawang binata na halos sabay na nagbuntis noon. Isang buwan lang ang tanda ni Dan kay Kirby subalit para bang isang dekada na ang katumbas niyon dahil sadyang matured ang pag-iisip ng una kumpara sa huli na very young and carefree pa rin kung harapin ang buhay. Gayunpaman, hindi naging hadlang ang kanilang pagiging total opposites sa kanilang pakikitungo sa isa't isa, in fact, it brought them closer as they complement each other's personalities.

“Siyempre. Alam mo bang ito ang na-miss ko while I was in Europe, bonding with my cousin over breakfast,” paglalahad ni Kirby habang umuupo na rin sa usual nitong puwesto sa six-seater table.

“Kunsabagay, na-miss ko rin ’to while you were away. Wala na akong tagapagluto kaya kadalasan kape na lang ang breakfast ko,” anito. “Pero hindi bale, soon I’ll have someone making breakfast for me everyday for the rest of our lives...” Biglang nangingning ang mga mata nito.

“What do you mean?” tanong ni Kirby habang abala sa pagsasawsaw ng pinirasong tinapay sa pula ng malasadong itlog.

“Ciara and I got engaged last night,” masayang ipinaalam nito na mababatid sa ekspresyon ng mukha ang kaligayahan at contentment.

Natigil siya sa pagnguya. “But you said you’ve only been together for a year, di ba? Hindi ba parang masyadong maaga pa para ma-engage kayo?”

“Bakit pa ba ako maghihintay nang matagal kung wala naman na akong duda sa sarili ko na siya na ang babaeng gusto kong makasama habambuhay?” pahayag nito habang sumusubo ng bacon.

“Saan ba kayo nagkakilala ni Ciara?” curious

niyang tanong.

“Nagkakilala kami sa isang party, 'yong pinagtatrabahuan niya kasing fashion designer na si Elvira Yrastorza ay kapatid ng may-ari ng kompanya namin. So ayon, she accompanied her to that party and the moment I saw her from across the room, I instantly fell in love with her. Kaya hindi ko pinalampas ang gabi na hindi ko siya nakikilala...” kuwento ng pinsan na tila bumabalik sa sandali kung saan ay nakita nitong pumasok ang dalaga sa loob ng ballroom ng *Mandarin Oriental*.

Binalikan ng malakas na pagtawa ni Kirby ang pagiging sentimental nito. “Dude, hanggang ngayon ba naman, naniniwala ka pa rin d'yan sa kakornihang love at first sight na 'yan?”

“Palibhasa ikaw kapag nakakakita ka ng isang maganda at sexy na babae, ang pumapasok kaagad sa sarili mo, lust!” ganti nito.

“Natural! I'm a young, hot-blooded man. It's just normal,” pagtatanggol niya sa sarili.

“Hindi ka habambuhay magiging ganyan, Kirby. When you find the girl for you, you will discover another side of you. That sensitive, loving side of yours and you will understand what I'm talking about

here.”

“Parang hindi ko na yata pangarap pang ma-discover ’yang side ko na ’yan. Kontento’t masaya na ako sa sarili ko ngayon,” desidido niyang pahayag. “Ikaw ang mag-isip-isip muna d’yan sa kalokohang pagpapakasal na ’yan. Life is too much fun to end it by marrying...”

“Life won’t end when I get married. It will even be the start of a beautiful one with my love...”

Hindi na sinubukan pa ni Kirby na baguhin ang desididong isipan nito. “Bahala ka! It’s your life!”

“Ano pa ba’ng problema mo? ’Yan na nga’t nakuha mo na ang pinapangarap mong proposal!” naguguluhang ani Sydney habang kaharap ang kaibigan sa loob ng isang café sa Makati noong umagang iyon.

“Hindi ’yon ang pinapangarap kong proposal!” diin ni Ciara na sadyang hindi pa rin makalimutan ang para sa kanya ay pagkasira ng pinakaaasam-asam niyang sandali na iyon ng kanyang buhay. “It could have been a perfect one just like what I’ve always imagined. Pero biglang dumating ’yong buwisit niyang pinsan. He ruined everything! He killed our

moment!”

“Ciara, I know this whole wedding proposal thing is important for you but you have to understand na may mas importante pa sa bagay na ’yan, and that is the life that you’ll share with Dan eventually...”

Tila biglang kinatok si Ciara sa narinig mula sa kaibigan. Na-realize niya kung gaano siya naging ka-superficial sa pag-iisip ng mga iyon. “Yeah, you’re right,” paghinahon na rin niya. “Wala na rin naman akong magagawa kahit pa patuloy akong maasar, I could never bring back that moment again...”

Biglang nag-ring ang cellphone ni Ciara.

“O, si Elvira na ba ’yan? Hinahanap ka na ba ng slave driver mong amo?” napangiwing tanong ni Sydney matapos ang pakikipag-usap niya.

“Hindi, it’s my landlady,” aniya. “She’s asking me to move out within a week. Darating na raw kasi ‘yong anak niya from the States at titira sa apartment ko,” lahad niya na puno ng pagkabahala ang mukha. “Where will I live now?”

“Señorito Kirby!” Labis na ikinasorpresa ni Yaya Metring nang buksan nito ang gate ng mansion

at bumungad ang alagang matagal na ring hindi nakikita. “Kelan ka pa umuwi?”

“Kahapon lang, Yaya,” tugon niya sa matandang halos nagpalaki na sa kanya. “Kumusta ka na? Na-miss mo ba ako?” lambing niya rito habang nakaakbay sa balikat nito.

“Oo naman, na-miss talaga kita, Hijo. Alam mo bang napakatahimik at napakalungkot ng bahay na ito n’ong wala ka...”

“Ganoon ba? Umasa ka na gugulo na naman dito ngayong makikita na naman nila ako,” napangising aniya habang nagsisimula silang maglakad patungo sa pinto ng magarang bahay. “Nandito ba sila?”

“Oo, nand’yan ang mommy at daddy mo pati na rin ang Kuya Railey mo. Mabuti pa’t saluhan mo na sila sa hapunan...” anang matanda.

Pagtuntong pa lamang ng binata sa komedor ay sinalubong kaagad siya ng sari-saring ekspresyon sa mukha ng mga kapamilya. Ang ama ay kinakitaan ng pinaghalong pagkasorpresa at disgusto gayundin ang nakatatandang kapatid na para bang biglang bumigat ang tingin sa mundo nang masilayan siya. Tanging ang ina lamang ang nagpakita ng kasiyahan sa kanyang pagdating at nagbigay ng rason para

sumalo sa hapunang iyon.

“Hijo, how was your trip? Were you able to take pictures of the beautiful places in Europe?” sabik na tanong ni Mrs. Lilian De Leon matapos yakapin ang labis na na-miss na bunso.

“Yes, Mom, napakarami ko pong nakunan. I’ll show it to you next time,” na-excite na balik niya sa ina na natatangi niyang supporter pagdating sa piniling career bilang isang photographer.

“When will you ever realize that you’re just wasting your life on that stupid photography?”

Hindi na bago para kay Kirby na marinig ang mga salitang iyon mula sa amang si Dr. Hector de Leon na isang kilalang Cardio-Thoracic Surgeon. Kabilang siya sa pamilya na nasa medisina ang propesyon. Ang ina ay isang tanyag na Dermatologist habang ang Kuya Railey naman niya ay isang up and coming Cardio-Thoracic Surgeon rin. Kaya inaasahan na ng lahat na susunod siya sa mga yapak nila ngunit pinili niyang lumihis at itinuloy ang kanyang tunay na passion—ang photography.

“If you had only pursued Medicine, nagkaroon sana ng saysay ’yang buhay mo and you wouldn’t end up like that—an aimless drifter!” may pangungutyang

dagdag pa ng kapatid na apat na taon ang tanda sa kanya.

“I’m not an aimless drifter! Alam ko kung ano’ng gusto kong gawin sa buhay ko at kung ano’ng direksyon ang gusto kong tahakin. It’s just that you refuse to accept what I want to become!” dinapigilang sagot ni Kirby. Kung dati-rati ay nagagawa niyang magtimi sa mga naririnig mula sa ama’t kapatid ngayon ay punung-puno na siya. Hindi na niya masikmura ang pangmamaliit ng mga ito sa kanya at sa kanyang pangarap.

“Kirby, please don’t leave,” pakiusap ng doktora.

Ngunit kahit ang minamahal na ina ay walang nagawa upang siya ay mapigilan. “I’m sorry, Mom,” sabi niya habang ipinapatong ang palad sa nakahawak nitong kamay sa kanyang braso.

Binitiwang na rin siya nito at matapos ang matabang na pag-e-excuse sa dalawang lalaki ay tumalikod na siya. Sa kanyang paglabas mula sa mansyon at pagsakay sa motorsiklo ay naramdaman niya ang pagbigat ng pusong kanina lamang ay napakagaan pa at puno ng saya. Kung hindi nila matanggap ang pinili niyang buhay, bahala sila! Magmula ngayon, wala na siyang pakialam.

I'll just live my life the way I want to!

Kapwa nananahimik ang newly-engaged couple sa kanilang dinner sa loob ng isang magarang restaurant. Bawat isa ay may sariling alalahaning dinadala.

“Is there something wrong, Babe?” concerned na tanong ni Dan nang mapuna nito ang pagkabahala sa mukha ng fiancée.

“Pinapaalis na kasi ako ng kasera ko. Darating na raw kasi’yong anak niya at ito na ang mag-o-occupy ng apartment na tinutuluyan ko...” lahad niya. “Kanina pa ako naghahanap ng bagong mauupahan, pero wala akong makita na kaya ng budget ko. Nahihiya naman akong humingi ng tulong kina Mommy at Ate sa Canada dahil alam kong mahirap rin ang buhay nila roon. Sana magmilagro ang Diyos at makahanap ako ng lugar na maa-afford kong upahan...”

“Hindi mo na kailangang maghanap, you can stay at my place!”

Kahit engaged na sila ay hindi pa rin siya komportable na sa iisang bubong sila titira gayong hindi pa naman sila officially married. “Uhm... ah... eh kasi ano, eh—kasi—”

“Don’t worry we won’t be living together. Kailangan ko kasing umalis for Japan, ipinapadala ako ng kompanya roon,” paglalabas na rin nito ng kanina pa nais ipaalam sa nobya ngunit hindi malaman kung paano sisimulan.

Dahil sa natuklasan ay biglang natabunan ang kaninang alalahanin ni Ciara. “P-pero gaano katagal ka naman roon?”

“Six months lang, mabilis lang ’yon,” pag-a-assure nito sabay hawak sa kanyang mga kamay. “Promise, pagbalik ko we’ll prepare na for our wedding...”

Pilit ipinapasok ni Ciara sa isipan ang sinabing iyon ng nobyo subalit sadyang hindi pa rin niyon magawang pawiin ang kalungkutang unti-unti nang bumabalot sa kanyang kalooban.

Just sacrifice for six months, Ciara, pagkatapos naman niyon habambuhay na kayong magkakasama ni Dan...

2

“O, Kirby, saan ka na naman ba nagsuot? Ilang araw rin kitang hindi mahagilap, ah!” untag ni Dan nang mapatigil ito sa gitna ng paglalabas ng maleta mula sa kuwarto patungo sa living room kung saan nito nadatnan ang bagong sulpot na pinsan.

“Sa CamSur. I did some work para sa isang sports magazine. Sarap pala mag-wakeboarding doon!” turan niya habang umuupo sa sofa.

“So you mixed business and pleasure again,” komento ni Dan habang ipinagpapatuloy ang naantalang pag-aayos ng mga maleta sa sala.

“Of course! I don't wanna waste my life getting too serious with everything. Ayokong matulad sa Daddy at Kuya Railey ko. I know frustrated lang sila sa buhay nila 'cause they never experienced having so much fun kaya pinagtitripan nila ang pamamalakad ko sa buhay ko!”

“Ah, nanggaling ka siguro sa inyo at nakatikim ka na naman ng pintas mula sa daddy at kuya mo.”

“Ewan ko ba sa kanila, hindi na nagsawa. If I know, naiinggit lang sila dahil malaya kong nagagawa

ang gusto ko!” patuloy pang saad ni Kirby hanggang sa mapansin ang ginagawa ng pinsan. “Teka nga muna, bakit ba may mga maleta rito? May pupuntahan ka ba?”

“I’m about to leave for Japan,” sagot nito habang umuupo sa kanyang tabi sa sofa.

“Japan? Hanggang kelan ka naman doon?”

“Six months...”

“Six months!” bulalas ni Kirby. “Ang tagal naman n’on! Ni hindi pa nga tayo masyadong nakakapagbonding, aalis ka na kaagad!”

“I have to, kailangan sa trabaho.” Napakibit-balikat nito.

“Babe, hindi mo ba dadalhin itong mga jacket mo? Malamig ngayon sa Japan, di ba?” tanong ni Ciara na lumabas mula sa silid ni Dan kung saan ito tumulong sa pag-eempake . “Ah, nand’yan ka pala, Kirby...” bati nito nang mapansin siya.

“Hi, Ciara,” balik niya. Noon lang sila muling nagkita mula nang una silang maipakilala ni Dan sa isa’t isa.

“Hi...” matipid na balik nito sabay abot kay Dan ng mga nahalungkat na jacket mula sa closet nito.

“Paano na si Ciara niyan and your wedding preparations?” tanong ni Kirby nang makabalik ang babae sa loob ng silid.

“Napag-usapan na namin na sisimulan na lang namin ang paghahanda pagbalik ko and she perfectly understands everything,” imporma nito. “Pero may hihingin sana akong pabor sa 'yo, Dude...”

“What is it?”

“Ciara’s going to stay here in my unit habang wala ako, may ookupa na kasi sa apartment na nirentahan niya. Baka puwede sanang pakitingnatingnan mo siya while I’m away...”

“Huwag kang mag-alala, Dude, I’ll take good care of your girl,” pangako niya sabay tapik sa balikat nito.

“Salamat. Matatahimik na rin ako ngayong alam kong nand’yan ka lang sa tabi niya...”

“Babe, aren’t you going to be late for your flight?” paalala ni Ciara na muling lumabas mula sa silid.

Napatingin sa relo ang pinsan at saka napatayo mula sa kinauupuan. “I’d better go now,” anunsyo nito sa mga maiiwanan habang inihahanda ang dalawang maleta.

“Tara, ihahatid ka na namin,” alok ni Kirby na

sinimulan nang tulungan ang pinsan sa mga gamit nito nang bigla siyang makarinig ng pagtutol.

“Babe, okay lang ba kung hindi na ako sasama sa paghahatid sa ’yo sa airport?” tanong ni Ciara na batid ang panginginig ng tinig. “Baka kasi hindi ko makontrol ang sarili ko at pigilan kita sa pag-alis...”

Nilapitan ni Dan ang nobya at niyakap ito nang mahigpit. “Babe, sandali lang ang six months. Before you know it, I’m back here again...”

Matapos ang madamdaming pagpapaalam ng dalawa sa isa’t isa ay sinamahan na ni Kirby ang pinsan pababa sa condominium na kapwa nila tinutuluyan.

“Dude, huwag mo na lang akong ihatid, magta-taxi na lang ako,” desisyon ni Dan nang makakita ng taxi sa labas ng building.

“Sigurado ka?” may pag-aalinlangang tanong ni Kirby.

“Oo, pakisamahan mo na lang si Ciara sa ’taas, I know she’s having a hard time right now...”

Hindi na tumutol pa ang binata na tumulong na lamang sa paglalagay ng mga gamit sa trunk ng taxi.

“Ikaw na ang bahala kay Ciara ha. Kapag may

pumorma sa kanya, bugbugin mo para sa akin,” half-joke, half-truth na bilin nito nang buksan ang bintana mula sa kinauupuan sa tabi ng driver.

“Huwag kang mag-alala habang nandito ako, walang lalaking makakalapit sa fiancée mo!”

“O Kirby, bakit nandito ka? Akala ko ba hinatid mo si Dan?” pagtataka ni Ciara nang buksan ang pinto at bumungad ang pinsan ng mapapangasawa.

“Ayaw magpahatid, magta-taxi na lang daw siya,” paliwanag nito. “I just wanna see if you’re okay.”

“I’m fine,” aniya habang pinapahid ang luha sa kanyang mga mata. “Come in.” Tuluyan niyang binuksan ang pinto para rito. “Do you want anything? Juice? Coffee?”

“No, thanks. Katatapos ko lang mag-breakfast.” Pinagmasdan siya nito nang mataman. “Alam mo, tama si Dan. Mabilis lang talaga ang six months. I remember when I was traveling in Europe, hindi ko halos napansin ang paglipas ng two years.”

“You were having fun kasi. You were surrounded by many people and you were seeing those beautiful places, kaya hindi mo napapansin ang paglipas ng

oras. Hindi katulad ko, iniwan ng nag-iisang taong nagpapaikot ng buong mundo ko...” Hindi na itinago ni Ciara ang tunay na saloobin nang saluhan niya ito sa living room.

“If you don’t mind my asking, nasaan na ang family mo?” curious na tanong ni Kirby.

“My father died when I was twenty. A year after, umalis ang mama ko papuntang Canada, na-petition kasi siya ng ate ko. Kaya, nag-iisa lang ako rito sa Pilipinas...”

“Huwag kang mag-alala kahit naman umalis si Dan, hindi ka pa rin nag-iisa, I’m here at inihabilin ka sa akin ng boyfriend mo na huwag na huwag raw kitang pababayaan...”

“Ang lalaking ’yon talaga,” napapailing na ani Ciara. “Akala niya yata, bata ako na kailangan pang ihabilin sa iba.”

“Hindi naman sa ganoon. He just loves you so much that’s why...”

Sa kabila ng kalungkutan ay napangiti na rin ang dalaga. “I know...”

“Hoy, sino ka?” puno ng takot na bulalas ni Ciara

nang may makitang di-kilalang lalaki sa kusina nang magising siya noong umaga.

“Ciara, relax. It’s me, Kirby,” pagpapakilala ng binata na biglang natigil sa pagpiprito nito ng itlog.

“Kirby, ikaw ba talaga ’yan?” puno ng pagtataakang tanong niya na napalapit sa kinatatayuan nito sa harap ng kalan. Hindi niya ito nakilala dahil ibang-iba na ang hitsura nito. Gupit na ang dating shoulder-length hair nito at ahit na rin ang balbas nito. “You look so... so—”

“Clean?”

“Yeah, and so nice,” dagdag pa niya na hindi pa rin makapaniwala that he had turned from a scruffy-looking man into a handsome, boy-next-door type.

“Bakit, mukha ba akong salbahe noon?” tanong ng binata na biglang napangiti. The smile lighted up his brown eyes.

“Uhm... honestly, yes. In fact, noong una nga kitang makita I didn’t like you. I thought you were a bad influence to Dan...” amin niya habang papaupo sa dining area.

“Hmm... I admit I have my bad side, pero hindi naman naiimpluwensyahan ’yang fiancé mo. He’s

a naturally good man at matibay ang paninindigan n'on," paniniguro nito habang inihahain ang itlog at hotdogs sa mesa. "Do you like your coffee with cream?" tanong nitong muli nang bumalik sa kusina.

"Yes, please," sagot niya. "So paano ka nga pala nakapasok rito? Naiwan ko bang hindi naka-lock ang pintuan?" may pagka-alarma niyang tanong.

"Hindi, may spare key kasi ako na ibinigay sa akin ni Dan when I first moved in this building five years ago. Pasensya ka na kung basta ko na lang ni-raid ang kusina mo. Nasanay na kasi ako sa amin ng pinsan ko. Sa araw-araw kasi na ginawa ng Diyos sa tuwing magse-stay ako sa unit ko, automatic paggising ko, dito ako dederecho at mag-aagahan kasama niya. That's our bonding time. But if you don't want me doing this, I understand. Promise starting tomorrow morning, you won't see me here in your kitchen anymore..."

"No, it's okay. At least nga, may makakasama ako mag-breakfast. Basta may isang rule lang ako, ikaw ang maghahanda ng kakainin natin 'cause I really hate being in the kitchen..."

"Yon lang pala, no problem!" panigurado nito na bumalik na sa mesa dala ang kanilang kape.

“Alam mo, napansin ko parang mas close pa kayo ni Dan kaysa sa Kuya Teddy niya,” banggit ni Ciara.

“Totoo ’yang sinabi mo. Pakiramdam nga naming dalawa, kami ang magkapatid. Mga bata pa lang kami, hindi na kami mapaghiwalay. We went to the same school from prep to high school sa San Agustin. Noong college na nga lang kami nagkahiwalay, pumasa kasi siya sa *Ateneo*, ako hindi kaya sa *La Salle* ako napunta. But still, it didn’t affect our closeness dahil ito nga at magkapitbahay pa rin kami. And even if I was away for two years, hindi naapektuhan ang samahan namin kahit wala kami masyadong communication. Doon ko napatunayan that ours is a kind of bond that could never be shattered by distance, nor anything in this world ’cause we’ve got a very solid foundation...”

“Nakakatuwa naman kayo, you really have such an enviable relationship...”

“Kaya nga handa akong gawin ang lahat para sa pinsan kong ’yon...”

“Wala pa ba ang Elvira Yrastorza na ’yan?” natetensyon nang tanong ng Editor-in-Chief ng *Celeb Magazine* na si Carina Sy sa fashion editor nang

pumunta ito sa silid na paggaganapan ng photo shoot featuring the clothes of the famous designer.

“Wala pa po, Ma’am,” anang babae. “Pero tinawagan ko na po. Sabi ng assistant, they’re on their way na...”

“Sabi na nga ba, we should never have gotten that prima donna!” pagpupuyos ng may edad na ring glamorosang babae.

“Huwag na po kayong mag-worry, Ma’am, pagdating naman ni Elvira, mabilis na ’to. We’ve hired a very good photographer in Kirby de Leon...” pag-a-assure ng fashion editor.

“Kirby de Leon? ’Yong matangkad na mestisong photographer with the rough and dangerous aura?” napataas-kilay na tanong ng madam na may penchant for hot young men.

“Yes, it’s him, Ma’am, but... he does not look rough and dangerous anymore. He’s more of the clean-cut, dashing debonair now...”

“Oo nga ‘no, he’s had a complete transformation,” pagsang-ayon ni Carina na nanghahaba ang leeg sa pagsilay sa binatang abala sa pag-set-up ng equipment. “And I think it suits him better, mas lalo pa siyang naging hot ngayon!”

Papalapit na sana ito sa kinalulugaran ni Kirby nang biglang mapalihis ito ng direksyon matapos makitang pumasok ng silid si Elvira Yrastorza. “Elvira, it’s so nice to see you again...”

Habang nagbebeso at nagpaplastikan ang dalawang madam ay napansin naman ni Kirby si Ciara na nasa tabi ng designer. Nagkahulihan sila ng tingin at nagkaintindihang magkita sa gilid ng magulong silid.

“I remember now, sinabi nga pala ni Dan na you’re working for Elvira Yrastorza,” nasabi ni Kirby nang sila ay magkaharap.

“I’m supposed to be her Creative Assistant pero heto, all-around assistant na niya ako,” sagot ni Ciara na nakasukbit sa braso ang *Louis Vuitton* bag ng sikat na designer. “So, ikaw ba ang magiging photographer sa fashion spread na ’to?”

“Yeah, I’ve taken this freelance job.”

Naantala ang pag-uusap ng dalawa nang pumaibabaw ang malaking boses ng designer na tumatawag sa pangalan ng assistant. “Sige, kailangan ko pang i-organize ang mga damit na isusuot ng models,” paalam ni Ciara sa kanya sabay tumalikod at pinuntahan si Elvira.

Habang pinagmamasdan ni Kirby ang aligagang paggalaw ni Ciara sa loob ng silid, hindi niya maiwasang makaramdam ng awa para rito. *This is more than what a Creative Assistant has to do. Kung nakikita lang ni Dan ang mga pinagagawa ni Elvira Yrastorza sa fiancée niya, I'm sure he'll ask her to resign...* sa loob-loob niya.

“Okay ka lang ba, Ciara?” concerned na tanong ni Kirby nang matapos ang photoshoot at nilapitan niya ito habang chine-check kung kompleto na ang mga damit na ipinasuot sa mga models.

“Oo naman, why?” napakunot-noong balik nito nang mapansin ang worried tone sa kanyang boses.

“You seem to be stressed out,” puna niya.

“Hay naku, Kirby, normal na ito sa trabaho ko. Sanay na ako,” pag-a-assure ng dalaga saka iniutos sa dalawang subordinates na ibalik na ang mga creations ni Elvira sa van. “Paano, mauna na ako ha. May ime-meet pa kasi si Ma’am na kliyente,” paalam nito. Subalit hindi pa man ito tuluyang nakakalayo nang biglang lumingon muli sa kanya. “By the way, you did a great job a while ago at the shoot...”

“Thanks. I’ll see you later...” balik niya na nakangiti pa ring nakatanaw sa direksyon ng

nilakaran ni Ciara long after she was gone.

“So who’s she? Your girlfriend?”

Natauhan sa kanyang pagkakapatda ang binata nang marinig ang tinig ng Editor-in-Chief na noon lamang niya namalayang nakatayo na pala sa kanyang tabi.

“Naku, hindi po, she’s my cousin’s fiancée...” kaagad niyang pagtatama.

“Oh, that’s good.” Tila napanatag si Carina. “So are you doing anything tonight, Kirby? Would you like to join me for drinks?”

Hindi iyon ang unang beses na nilapitan si Kirby ng isang babaeng may-edad na. “Uhm... I’m sorry, Ma’am Carina, but I made plans already,” alibi niya.

Nakuha naman kaagad nito ang kanyang polite rejection kaya hindi na nagpumilit pa.

“Bakit naman hindi mo na lang pinagbigyan si Ma’am Carina? Kahit may-edad na, maganda pa naman ’yon at seksing-seksi pa rin,” nanghihinayang na sinabi ni Junie, ang kanyang assistant na in-charge sa kanyang mga photography equipment.

“Sira! Parang Mommy ko na ’yon, ’no!” napapailing niyang balik, sabay ibinigay ang susi ng unit. “Pakiuwi

mo na lang ang mga 'yan sa place ko, may pupuntahan pa ako..."

"Kaya naman pala hindi mo kinagat 'yong offer ni Ma'am Carina, may ibang chick ka palang imi-meet. Siguro bata't sariwa pa 'to, 'no?"

"Puro ka kalokohan, iuwi mo na nga 'yan!" utos niya sabay abot ng pera para pang-taxi nito.

Sa kanyang paglabas mula sa opisina ng magazine publication ay abala ang kanyang isipan. *Ano kayang pagkain ang niluluto ni Dan para kay Ciara sa mga ganitong panahon na buong araw siyang pagod sa pagtatrabaho?*

Kulang na lamang ay hilahin ni Ciara ang kanyang mga paa patungo sa tinutuluyang unit ng nobyo dahil sa labis na kapaguran mula sa buong araw na pagtatrabaho kasama ni Elvira Yrastorza. *Makapag-order na nga lang ng pizza at wala na talaga akong lakas na magluto pa...* isip niya habang binubuksan ang pinto ng unit.

"O, tamang-tama ang dating mo. I know you're so exhausted from all your work kaya ipinagluto na kita..." bungad sa kanya ni Kirby habang isinasalin ang niluto sa isang puswelo.

“Kirby, you don’t have to do this,” nahihiyang nasabi niya na nasorpresa sa presensya ng binata roon.

“Ciara, you deserve this, I’ve seen how you’ve worked so hard today,” balik nito. “Okay lang ba na dito na lang tayo sa living room mag-dinner para mapanood natin itong mga DVDs na binili ko? Hindi ko alam kung anong klaseng movies ang gusto mo so I bought romantic comedy, drama, action, horror...”

“Kirby, this is too much. Nahihiya na ako sa ’yo...”

“Isipin mo na lang na si Dan ang gumagawa ng lahat ng ito para hindi ka mahiya. I know ito rin mismo ang gagawin niya para sa ’yo if he’s here...”

“Thanks, I never thought you’re this super nice...” nasabi niya habang umuupo sa carpeted na sahig ng salas.

“Siguro dapat sabihin mo ’yan sa harap ng daddy at kuya ko, baka sakaling magbago ang tingin nila sa akin,” napangising pahayag nito habang inihahain ang kanilang dinner sa ibabaw ng center table.

“Bakit ano ba’ng tingin sa ’yo ng daddy at kuya mo?” naintriga niyang tanong habang sinisimulang tikman ang *Bulgogi* na niluto nito.

“They think that I’m an immature, selfish and irresponsible guy at hindi sila nangingiming ipamukha sa akin ’yon sa tuwing magkikita kami. In fact, just recently my brother called me an ‘aimless drifter’. They just couldn’t see na hindi komo hindi ako doktor na tulad nila, doesn’t mean na wala akong ambisyon sa buhay ko. I’m very much passionate with photography, ayaw lang nilang tanggapin na iyon ang career na pinili ko...”

Ngayon naiintindihan na ni Ciara kung saan nanggagaling ang angst na nakikita niya sa pagkatao ni Kirby.

“Enough about me, ikaw naman ang pag-usapan natin,” baling nito kaagad sa kanya. “Paano mo nama-manage na magtrabaho under that very demanding designer?”

“Alam mo, hindi naman ganoon kasama si Elvira Yrastorza tulad ng nakikita ng mga tao. Totoo, she can be quite demanding, unpredictable, moody pero ganoon naman talaga ang mga artists, di ba? Iba ang takbo ng utak. And besides when she’s in a good mood, she can be very nice, warm and generous to the people around her,” pagtatanggol niya sa highly misunderstood na amo. “And being around her makes me feel that I’m learning a lot more than I ever did

sa fashion school...”

“So if photography is my passion, ikaw naman fashion ang passion mo,” ani Kirby.

“Yup, eversince I was a kid wala na akong pinangarap kundi maging isang sikat na fashion designer...” pagtatapat niya.

“Alam mo, sa nakita ko kanina na kasipagan at dedication mo sa trabaho, hindi imposibleng matupad mo ’yang pangarap mong ’yan...”

Napakasarap ng pakiramdam para kay Ciara na marinig ang mga salitang iyon nito. “Thanks, that means a lot to me...”

3

“Bakit ba tayo nandito sa bahay mo on a Saturday night? Bakit hindi tayo lumabas at magpakasaya kasama ang mga naggagandahang chicas?” nagtatakang tanong ni Herbert nang ayain niya itong tumambay sa unit niya habang umiinom at nanonood ng basketball game sa malaking TV sa living room.

“Hindi ka pa ba nagsasawa sa paglabas at pambababae mo?” balik niya habang komportableng nakaupo sa leather sofa.

“Ikaw ba talaga ’yan, Kirby de Leon? Hindi ka ba sinasapian?” Obvious na hindi siya nito sineryoso.

Naantala ang alaskahan ng dalawa nang biglang may marinig silang katok sa pintuan.

“Hi, Kirby, I brought you some food. Baka kasi hindi ka pa nagdi-dinner...” sabi ni Ciara habang iniaabot sa kanya ang puswelong naglalaman ng Chicken Adobo.

“Hmm... ang bango, ah! Ikaw ba ang nagluto nito?” tanong ni Kirby na nakakaramdam kaagad ng gutom sa amoy pa lang ng hawak na pagkain.

“Yeah, it’s also my way of saying thank you sa pagluluto mo rin para sa akin the other night...”

“Naku, sabi ko naman, huwag mo nang isipin ’yon,” napakamot-ulong sagot ng binata. “Tara, saluhan mo akong tikman itong niluto mo,” paanyaya niya.

“Hindi na. Kayo na lang ng bisita mo ang magsalo d’yan...”

“Ah, by the way Ciara, this is my friend, Herbert. Herbert, this is Ciara, fiancée ni Dan...” pagpapakilala niya sa dalawa.

“It’s nice to meet you, Ciara,” balik ni Herbert sabay lahad ng kamay na tinanggap naman ng babae.

“It’s nice to meet you, too...” balik nito saka nagpaalam at bumalik sa unit na tinutuluyan.

“At kelan ka pa natutong magluto para sa isang babae?” pang-iintriga ng kaibigan nang wala na ang dalaga.

“I was just taking care of her; binilin kasi siya sa akin ni Dan,” depensa niya sa sarili.

“Oh, come on, Kirby, ako pa ba lolokohin mo? I’ve seen how much you’ve changed these days. You refuse to go out and meet other women, you’re becoming

responsible, sweet and caring all of a sudden. You've got all the signs of someone falling in love!"

"Puwede ba, Herbert, tigilan mo na 'yang pagiging malisyoso mo. Hindi mo ba narinig 'yong sinabi ko? Fiancée siya ni Dan at ikakasal na sila pagbalik nito from Japan six months from now!"

"Sayang naman at una siyang nakilala ng pinsan mo 'cause I think kayo ang mas bagay..."

"Alam mo, gutom lang 'yan. Mabuti pa, kumain ka na lang." Na-dismiss man kaagad ni Kirby ang kaibigan, ngunit hindi ang sinabi nito dahil kumabit iyon sa kanyang isipan.

Come on, Kirby! Huwag mong sabihin na magpapadala ka sa mga kalokohan ni Herbert!

"Buti, binigyan pa rin tayo ng trabaho ni Ma'am Carina matapos mo siyang i-reject nang yayain ka niyang lumabas," ani Junie, na kasama ni Kirby sa fashion show na ikino-cover para sa *Celeb Magazine*.

"Hindi naman aabutin ni Ma'am Carina ang posisyon niyang 'yan kung hindi siya propesyonal na tao," aniya habang tine-testing ang hawak na professional camera nang biglang mai-focus niya

iyon sa entrance ng *SMX Convention Center* at nakita niyang papasok roon si Ciara na nakasunod kay Elvira. “Sandali lang, Junie, may pupuntahan lang ako,” sabi niya sa assistant at saka naglakad patungo sa direksyon ng dalaga.

“Oh, Kirby, I didn’t know you’ll be here,” nasorpresang bati ni Ciara nang maabutan niya ito malapit sa pasukan ng backstage.

“I’m working again for *Celeb Mag*,” kumpirma niya. “Kasama pala kayo sa show ngayon...”

“Oo. May last minute changes pa nga sa mga damit si Ma’am kaya late na naman kami,” bulong nito sa kanya dahil baka marinig sila ng designer na nakatayo di-kalayuan sa kanila habang nakikipag-chikahan sa mga kapwa nito designers.

Subalit hindi nagtagal ay tinawag na rin siya nito. “Ciara, let’s go. You still have to dress the models,”

“Sige, Kirby, I’ll see you later,” paalam ng dalaga.

Poor, Ciara, another long stressful night for her...

“Sir, sino ba ’yang magandang chick na ‘yan na kausap mo rin noong nag-photo shoot tayo? Pinopormahan mo ba ’yan?” pang-iintriga ni Junie nang lapitan siya habang hindi niya namamalayang

patuloy pa rin siyang nakatanaw sa papalayong dalaga.

“Timang! Fiancée ng pinsan ko ’yan, ’no!” paglilinaw niya kaagad matapos matauhan sa pagkakapatda.

“Eh, bakit kung makatingin ka sa kanya kulang na lang tumulo ang laway mo?” panghuhuli pa nito.

“Ikaw ba talaga, mahal mo pa ang trabaho mo?” kunwaring asik niya.

“Sir naman, para binibiro ka lang!”

“Tara na. Marami pa tayong kailangang kunan,” nagsimula na siyang maglakad patungo sa gilid ng catwalk kung saan mayroon silang perfect view sa mga models na rarampa roon.

Kahit hatinggabi na natapos ang fashion show ay hindi pa rin kaagad natulog si Kirby pagkauwi niya ng tirahan at ini-upload kaagad ang mga shots na nakunan sa event. He was busy studying the shots he took of the models who sashayed down the runway nang biglang madaanan niya ang mga litrato ni Ciara na hindi nito alam na kinunan niya habang abala ito sa pag-aasikaso sa mga models sa backstage.

Nasaksihan niya kung gaano kasipag at dedicated sa trabaho si Ciara. Noon din ay na-inspire siya na pagbutihin ang trabaho niya.

“Eh bakit kung makatingin ka sa kanya, kulang na lang tumulo ang laway mo?”

Natauhang bigla si Kirby nang pumasok sa isipan ang mga salita ng assistant. Kaagad niyang nilampasan ang iba pang kuha ni Ciara bago pa may kung anong bagay siya na madiskubre sa sarili ukol sa dalaga.

“Ma’am, ito na po ’yong gown na pinapahanap n’yo,” presinta ni Ciara ng lime green tube gown na iniutos sa kanya ni Elvira na hanapin sa mga koleksyon nito ng mga nilikhang damit.

“Tamang-tama nga sa ’yo ’yan. I want you to wear that for the party that we will be attending tonight,” anito na pansamantalang itinigil ang pagse-sketch at hinarap ang assistant.

“Party? Saang party po tayo pupunta, Ma’am?” tanong niya na as usual ay binigla na naman ng last minute announcement nito.

“Sa tenth anniversary party ng *Celeb Magazine* sa

The Fort. There will be a lot of press people covering that event kaya we need to be visible. Magandang exposure ito para sa susunod nating ilalabas na collection,” tugon nito.

Kahit na ang totoo ay pagod na si Ciara sa ilang gabing sunud-sunod na events na kailangan nilang puntahan ay hindi siya makatanggi. “Sige po, Ma’am, I’ll be there...”

Matapos ang buong araw na pagko-cover ng photoshoot para sa isang women’s magazine ay umuwi si Kirby sa kanyang unit na pagod na pagod kaya naisipan niyang magpa-deliver na lamang ng pizza imbis na magluto pa.

Not wanting to spend his dinner alone, he decided to go to Ciara’s place and share his pizza with her.

“Kirby, ikaw pala...”

Hindi kaagad siya nakasagot matapos mapatulala sa kagandahang sumalubong sa kanya. Ciara looked breathtakingly stunning in her lime green tube gown which showed off the hourglass shape of her body and complemented her alabaster complexion.

“You... you look so lovely, Ciara...” di-napigilang

usal niya.

“I’m... I’m going kasi sa party ng *Celeb Magazine*,” paliwanag nito nang makaramdam ng self-consciousness. “Wait, hindi ba, you’re working for them? Aren’t you supposed to be at the party, too?”

“Hindi ko kasi trip pumunta,” napakamot-ulo niyang tugon.

“Sige na, pumunta ka na rin. Samahan mo ‘ko para hindi naman ako magmukhang-tanga habang nakikipagsosyalan si Ma’am Elvira...” pakiusap nito.

Kahit wala talaga sa mood si Kirby na um-attend sa party ay hindi niya ito matanggihan. “Okay. Kaya lang nasa bahay ng parents ko ang mga suits ko, wala akong maisusuot...”

“No problem. Maraming suits si Dan rito na puwede mong gamitin!”

“Hindi pa ba tayo late?” anxious na tanong ni Ciara habang naglalakad sila patungo sa isang exclusive party venue sa *The Fort* kung saan ginaganap ang selebrasyon ng tenth anniversary ng *Celeb Magazine*.

“Hindi pa naman nagte-text ang boss mo, di ba? So ibig sabihin wala pa rin siya kaya okay lang kung

ma-late tayo,” sagot ni Kirby who was looking like a dashing debonair in Dan’s black suit.

Sa pagpasok nila sa loob ng venue ay kapwa binalot sila ng matinding pagtataka nang mapansing nililingon sila ng bawat madaanang tao. “Kirby, masyado bang makapal ’yong makeup ko?” nangangamba niyang tanong habang mahigpit na nakakapit sa braso nito.

“Hindi, it’s just fine,” paninigurado nito matapos pagmasdan ang kanyang flawless na mukha.

Ngunit hindi pa rin matahimik si Ciara dahil patuloy pa rin silang tinitingnan ng mga tao. “Eh, ’yong buhok ko, hindi ba magulo ang dating ng pagkakakulot ko?”

“Don’t worry, you look perfect, Ciara,” pag-assure nito. “Ako nga itong mukhang sablay, hindi ba parang bitin itong suit ni Dan sa akin?”

“Hindi ’no, para ngang ginawa talaga ‘yan para sa ’yo,” paniniguro ng dalaga.

“Ciara!”

“Ma’am Elvira!” gulat na balik ng dalaga sa amonang bigla itong sumulpot sa kanilang harapan. “K-kanina pa po kayo rito?”

“Medyo. Akala ko nga hindi ka na sisipot, eh.”

Kung hindi sanay ang taong makakarinig dito, ang iisipin niyon ay nagtataray ito. “By the way, that dress looks perfect on you, hindi ako nagkamali sa pagbigay sa ’yo niyan...”

“Ibinibigay n’yo na po sa akin ’to?” halos bumilog ang mga matang balik ni Ciara na ang buong akala ay ipinahiram lamang sa kanya iyon ng designer.

“Bakit, ayaw mo?” napataas-kilay na tanong nito.

“Naku, hindi po, Ma’am. Gustung-gusto ko po ito. Maraming salamat po,” sinserong turan niya.

“So is this Dan? I thought you’re in Japan?” baling ng boss niya sa kanyang katabi.

“Ah, hindi po siya si Dan, Ma’am. He’s Kirby de Leon, Dan’s cousin,” paglilinaw niya. “And he’s also the photographer at the pictorial five days ago...”

“Yeah, I remember now. Kaya pala sabi ko, pamilyar ang mukha niya,” nasabi nito. “Paano, maiwan ko muna kayo. Enjoy yourselves...”

“Mukhang good mood ngayon ang boss mo, ah,” komento ni Kirby nang makalayo na ang babae.

“Maganda kasi ang response ng mga fashion critics sa latest collection niya,” pagbibigay-alam niya habang sila ay papaupo sa isang bakanteng mesa sa

gilid ng grandiously-designed venue.

“Mabuti naman at nang hindi ka niya ini-stress sa mga utos niya ngayon. Hindi ka pa naman bagay inaalila, especially right now when you are the most beautiful girl in this entire place...”

Hindi maintindihan ni Ciara kung bakit bigla siyang nakaramdam ng tila init sa kanyang buong katawan nang marinig ang compliment nitong iyon. Napatungo tuloy siya sa pagnanais na itago rito ang pisnging pakiramdam niya ay nasusunog.

“Kirby de Leon! I thought I would be missing your presence tonight,” bati ng palapit sa kanila na si Carina Sy. Halatang biglang nangingning ang mga mata nang makita ang photographer. “Can you come with me for awhile? I’ve got something important to talk over with you...”

Ayaw mang iwanan si Ciara sa mesa ay walang nagawa ang binata nang maramdaman ang puwersa ng hawak ng editor-in-chief sa braso.

“I’ll be right back,” bulong nito sa kanya.

Ngunit hindi rin nagtagal ang kanyang pag-iisa nang may isang mukhang big-shot na lalaking umokupa ng kaninang silya ni Kirby. “You know this is my first time to see you at an event like this for our

magazine. Are you a new writer?”

“No, Sir, I’m not a part of the magazine staff. I’m Elvira Yrastorza’s creative assistant,” aniya.

“Ahh. Kaya naman pala hindi kita nakikita sa building. I’m sure I would never forget a beautiful face like yours...” patuloy pa ng lalaki na sa kanyang tantya ay nasa mid-forties na.

Kirby, nasaan ka na ba? Bumalik ka na, please... natataranta na niyang isip.

“By the way, I’m Hank de Villa, Vice President of the publication,” pakilala nito ng sarili. “You are?”

“Ciara. Ciara Santos...” may pag-aalinlangan niyang sagot.

“So Ciara, may I have this dance with you?” hiling nito nang magsimulang tumugtog ang isang sweet instrumental music.

Biglang nanigas sa kanyang kinauupuan ang dalaga, hindi niya malaman kung paano ba matatanggihan ang lalaki. “Ah... eh, kasi...”

“Hi, Honey, I’m sorry it took me so long...”

Nabigla man sa term of endearment na ginamit nito sa kanya ay malaki pa rin ang pasalamat ni Ciara

sa pagbabalik ni Kirby. "It's all right, Honey," pagsakay na rin niya upang tigilan na siya ng matanda.

"Oh, so you two are together. Have a nice night," sabi na lamang ni Mr. de Villa upang pagtakpan ang pagkapahiya.

"Thanks so much for saving me," buong puso niyang sinabi sa lalaki nang iwanan na sila ng matanda. "Akala ko, mapipilitan na akong makipagsayaw sa nakakadiring lalaking 'yon, eh..."

"Kahit nakalayo na, ayaw ka pa ring tantanan ng tingin ng lalaking 'yon, ah," puna ni Kirby. "Tara!" Kinuha nito ang kanyang kamay at dinala siya sa dance floor kung saan may mga pareha na ring nagsasayaw. "Ngayon, tingnan ko lang kung hindi ka pa tumigil," tiim-bagang na nasabi nito habang patuloy pa ring nakikipagtitigan ng masama sa Vice President na nagnanasa sa dalagang kasama.

Kahit magkadikit na ang kanilang mga katawan sa pagsasayaw ay hindi sinubukang dumistansya ni Ciara. Alam niya kasing walang malisya iyon kay Kirby na ang tanging nais lamang ay maprotektahan siya sa DOM. Imbis na mailang, she actually felt joy and comfort standing close to him as his hand held hers while the other laid protectively on her back. She felt like no one could ever harm her as long as

he was beside her....

“Okay ka lang ba, Ciara?” untag nito.

“Ha? Ah, eh... oo. Okay lang ako...” halos magkandautal niyang tugon matapos matauhan mula sa kanyang mga pinag-iiisip.

“We can sit now. Mukhang naintindihan na ng lalaking 'yon na hindi na siya maaaring makalapit sa 'yo...”

Sa pagbitiw ni Kirby sa kanyang kamay at paglayo ng katawan nito ay hindi niya maintindihan kung bakit tila bigla siyang nakaramdam ng disappointment. *Huwag mong seryosohin 'yan, Ciara, palabas lang ang lahat!*